

Friedrich Nietzsche, “Mabuti at Pangit” “Mabuti at Buktot”

*Friedrich Nietzsche’s “Good and Bad,”
“Good and Evil”*

U Z. ELISERIO

University of the Philippines-Diliman
uzeliserio@up.edu.ph

ABSTRAK

Ang sanaysay na ito ay salin ng unang sanaysay ng *Tungo sa Henealohiya ng Moralidad*. Sa sanaysay na ito, dinevelop ni Friedrich Nietzsche ang metodo na tinawag niyang “henealohiya.” Nakabase ang metodo sa linggwistiks, primarya sa etimolohiya, kasaysayan, at pilosopiya. Maaari ding tawagin ang metodo bilang espekulatibong kasaysayan. Sa sanaysay, sinalungat ni Nietzsche ang dalawahang “mabuti at pangit” sa dalawahang “mabuti at buktot.” Samantalang sa unang tingin, pareho lang ang unang termino ng dalawang dalawahan (“mabuti”), pag sinuri, lumalabas na ang tunay na katumbas ng “mabuti” ng unang dalawahan ay ang “buktot” ng ikalawang dalawahan. Ang unang dalawahan ang halagahan ng amo. Ito ay aktibo, nagmumula sa sarili. Samantala, ang ikalawang dalawahan ay halagahan ng alipin. Ito ay reaktibo. Argumento ni Nietzsche na nagmumula itong moralidad ng alipin sa inggit, hinanakit, sama ng loob, at pagkalason. Sinasalungat niya ang kaniyang henealohiya sa pilosopiya ng utilitarianismo, na ibinabase ang moralidad sa gamit at sarap.

Mga susing salita:
*henealohiya, “mabuti at pangit,”
“mabuti at buktot,” Nietzsche,
utilitarianismo*

ABSTRACT

This essay is a translation of the first essay of *Toward the Genealogy of Morality*. In this essay, Friedrich Nietzsche develops the method that he called “genealogy.” This method is based on linguistics, primarily etymology, history, and philosophy. This method can also be called speculative history. In the essay, Nietzsche opposes the binary “good and bad” to the binary “good and evil.” A simplistic reading will conclude that the first term of both binaries (“good” are the same. Upon further inspection, it will be revealed that the true equivalent of the first binary’s “good” is the second binary’s “evil.” The first binary is the valuation of the master. It is active, streaming from the self. The second binary is the valuation of the slave. It is reactive. Nietzsche argues that this morality is based on envy, resentment, and bile. He opposes his genealogy to utilitarian philosophy, that bases morality on utility and pleasure.

Keywords: genealogy, “good and bad,” “good and evil,” Nietzsche, utilitarianism

1

Itong mga sikolohistang Ingles, na dapat pasalamatang sa hanggang ngayo'y tanging pagsubok para maratnan ang kahulugan ng pinagmulan ng moralidad, hindi sila madaling bugtong; inaamin ko, bilang mga buháy na bugtong, meron silang isang mahalagang bentaha sa kanilang mga libro—sila ay interesante! Itong mga sikolohistang Ingles, ano ba talaga ang gusto nila? Lagi silang natutuklasang may ginagawa, boluntaryo man o hindi boluntaryo, iyon na nga, sa pagkakaladkad sa hiya ng ating panloob na mundo papunta sa gitna, ang paghahanap sa tunay na epektibo at gumagabay na simuno nito, iyong pinakamahalaga sa ebolusyon nito, sa lugar kung saan ang karangalang intelektuwal ng tao'y pinaka hindi hahangaring matagpuan ito (sa *inertia* nakasanayan, halimbawa, o sa pagkalimot, o sa bulag at nagkataong mekanistikong pagkakabit-kabit ng mga ideya, o sa isang bagay na pasibong-pasibo, otomatiko, refleksibo, molekular, at tangang-tanga)—ano ba talaga ang laging nagtutulak sa mga sikolohistang ito sa ganitong direksiyon? Ito ba'y sekreto, malisyoso, bulgar, baka mapanloko-sa-sariling instinct para maliitin ang tao? O posibleng pesimistikong pagsospetsa, ang hindi pagtitiwala ng mga bigong idealistang naging mapait at malungkot? O tagong galit at pagkamuhi sa Kristiyanismo (at kay Plato) na baka hindi pa nakararating sa hangganan ng kamalayan? O bastos na panlasa para sa mala-halimaw, sa masakit na *paradox*, sa kuwestiyonable at hungkag sa pag-iral? O, huli na, pira-piraso mula sa lahat ng ito, konting bulgar, konting lungkot, konting kontra-Kristiyanismo, konting pangangati at pangangailangan para sa anghang?

Sila ba'y simpleng matatanda, malalamig, at nakakapagod na palaka, gumagapang sa paligid ng mga tao at paloob sa mga tao na para bang nasa kanilang tahanan, iyon na nga, sa latian? Nagrerebelde ako laban sa ideang iyon; dagdag pa, hindi ko iyon pinaniniwalaan; kung maaaring umasa kung saan walang nalalaman, umaasa ako mula sa kaibuturan ng aking puso na ang salungat ang totoo—na itong mga imbestigador ng kaluluwa'y tunay na matapang, mayabang, at dakilang mga hayop, na alam kung paanong itali ang kanilang mga puso pati ang kanilang mga paghihirap, nasanay nila ang kanilang sarili na isakripisyo lahat ng nais sa katotohanan, sa bawat katotohanan, bawat simple, malupit, nakadidiri, kontra-Kristiyano, imoral na katotohanan. Dahil mayroong mga ganitong katotohanan.

2

Pinakamataas na pagpupugay, kung gayon, sa mabubuting espiritu, para pagharian nila itong mga historyador ng moralidad! Pero, malas,

siguradong iyong mismong espiritu ng kasaysayan ang kulang sa kanila, tiyak na ang mabubuting espiritu ng kasaysayan mismo ang umiwan sa kanila sa talon! Tulad ng banal na tradisyon ng mga pilosopo, ang pag-iisip nilang lahat ay likas na kontra-kasaysayan; walang duda. Maliliwanagan agad kung paano nila nabulilyaso ang kanilang henealohiya ng moralidad sa simula pa lamang, kung saan ang atas ay imbestigahan ang pinagmulan ng konsepto at husgang "mabuti." "Sa simula," sabi nila, "inaaprobahan ang mga di-makasaring gawa at tinawag silang mabuti mula sa punto-de-bista ng ginawan, iyon na nga, kung kanino sila may gamit; sa paglipas ng panahon, nakalimutan kung paano umusbong ang pag-sang-ayon ito, at dahil ang mga gawaing di-makasaring nakasanayan nang purihin bilang mabuti, iyon na rin ang pakiramdam—na para bang mabuti sila mismo." Makikita agad na ang primaryang pinagmulan ito'y mayroong tipikal na katangian ng kawirduhan ng mga sikolohistang Ingles—mayroon tayong "gamit," "pagkalimot," "nakasanayan," at sa huli, "pagkakamali," lahat bilang basehan ng ebalwasyon na magpahanggang ngayo'y ipinagmalaki ng mataas na tao, na para bang pinili ito ng tao. Ang pagmamalaking ito'y *kailangang* gawing mapagkumbaba, tanggalan ng halaga ang halagahan: nakamit ba ang tunguhing ito?

Simple lang sa akin, unang-una, na sa teoryang ito ang batis ng konsepto na "mabuti" ay hinanap at ipinundar sa maling lugar: ang husgang "mabuti" ay hindi nagmula sa mga pinakitahan ng "kabutihan"! Imbes, iyong mga "mabuti" mismo, ibig sabihin iyong mga dakila, makapangyarihan, mataas ang posisyon, at matalino, ang nakaramdam at nagpundar sa kanilang mga gawa bilang mabuti, iyon na nga, nasa unang baitang, salungat sa lahat ng mababa, mababaw, karaniwan, at mahirap. Mula sa emosyon ng layo na ito nila unang sinunggaban ang karapatan na lumikha ng mga halagahan at magpangalan ng mga halagahan: anong alam nila sa gamit! Ang punto-de-bista ng gamit ay nakapalayo at napaka di-nababagay sa harap ng umaapoy na pagsabog ng pinakamataas na paghuhusga ng halagahan na nagbibigay kahulugan sa uri at nag-aayos ng uri: dahil dito narating ng damdamin ang kabaligtaran ng lamig na kailangan ng nagkakalkulang pagkamahinahon, ng matematika ng gamit—at hindi lang isang beses, hindi lang sa loob ng isang espesyal na oras, kundi sa pangkalahatan. Ang emosyon ng nobilidad at layo, nasabi na nga, ang mahabaan at nagdodominang batayang pambuong pakiramdam sa bahagi ng isang mataas na namamayaning uri sa ugnayan nito sa mas mababang uri, sa "nasa ilalim"—iyon ang pinagmulan ng dikotomiyang "mabuti" at "pangit." (Sa lawak ng karapatan ng panginoon na magbigay ng pangalan, maaaring isiping ang pinagmulan ng wika'y ekspresyon ng kapangyarihan sa bahagi ng mga namumuno: sinasabi nilang,

"ito ang ito at ito," sineselyohan nila ang bawat salita at pangyayari nang may kasamang tunog, at kung gayo'y inaaari ito.) Sunod sa pinagmulang ito, ang salitang "mabuti" ay siguradong hindi nakakabit sa una pa lang, at dahil kinakailangan, sa mga di-makasariling gawain, tulad ng sabi ng mga pamahiin ng mga henealohista ng moralidad na ito. Imbes, sumingit lamang ang dikotomiyang "makasarili" at "hindi makasarili" sa kamalayan ng tao nang magsimulang maagnas ang aristotratikong halagahan—kung papayagan akong magsalita sa sarili kong wika, ang loob ng tupa ang may huling salita sa dikotomiyang ito. At kahit na ganoon, matagal na panahon ang lumipas bago nagdomina ang loob na ito, kaya nga natengga at tumigil ang ebalwasyong moral sa dikotomiyang ito (halimbawa, sa kaso ng kontemporaneong Europa: ang prehuwisyong tumatanggap sa "moral," "hindi makasarili," "walang pinapanigan" bilang mga konseptong may tugmang halaga'y namumuno na ngayon nang may puwersa ng "nakatindig na idea" at sakit ng utak).

3

Isa pa, bukod pa sa pagiging hindi katanggap-tanggap ng *hypothesis* na ito tungkol sa pinagmulan ng paghugang "mabuti" sa mata ng kasaysayan, mayroon din itong sikolohikal na kahungkagan. Sinasabing ang gamit ng hindi makasariling gawa ang pinagmulan ng pagsang-ayon rito, at ang batis na ito'y nakalimutan—pero paano naging posible ang pagkalimot na ito? Nagwakas ba ang gamit ng mga gawang ito? Salungat ang nangyari: naging pang-araw-araw na gawain ang gamit na ito, kung gayon isang bagay na paulit-ulit sinasalungguhitan: kung kaya, imbes na madaling makalimutan, dapat pa nga itong maukit sa kamalayan. Mas rasonable talaga ang salungat na teorya (hindi ibig sabihin ay mas totoo) na inusal, halimbawa, ni Herbert Spencer: na ang konseptong "mabuti" ay katumbas lang talaga ng konseptong "may gamit," "praktikal," kung kaya't sa mga husgang "mabuti" at "pangit" ibinubuod at binibiyayaan ng sangkatauhan ang mga karanasan nitong hindi nakalimutan at hindi makalimutan tungkol sa kung ano ang may gamit-praktikal at mapanganib-hindi praktikal. Ayon sa teoryang ito, iyong laging napapatunayang may gamit ang mabuti: kung gayon kaya nitong akuin ang pagiging "pinakamataas na antas ng halaga," "mahalaga sa sarili nito." Ang daan na ito tungo sa isang paliwanag ay, nasabi na nga, mali rin, pero rasonable at may sikolohikal na lohika.

4

Ang tanda tungo sa tamang daan para sa akin ay ang tanong: ano ang tunay na etimolohikal na kahulugan ng mga pag-uuri ng "mabuti" sa iba't ibang wika? Natuklasan kong lahat sila'y bumabalik sa parehong konseptuwal na pagbabago—sa lahat ng lugar, ang "dakila," "aristokratiko" sa panlipunang kahulugan, ay ang batayang konsepto na pinagmulan ng "mabuti" sa kahulugan

na "may aristokratikong kaluluwa," "dakila," "may kaluluwang mataas na uri," "may mayamang kaluluwa": pag-unlad na may kapantay sa pagbabago ng "karaniwan," "mahirap," "mababa" tungo sa konseptong "pangit."

Pagdating sa henealohiya ng moralidad sa tingin ko'y batayang kabatiran ito; kasalanan ng nakabobobong impluwensiya ng prehuwisyong demokratiko sa modernong konteksto laban sa lahat ng tanong tungkol sa pinagmulan moralidad kaya't huli itong dumating. At ito ang kaso kahit sa di umano ay obhetibong larangan ng agham at pisyolohiya, na ipapahiwatig ko lang dito. Pero ang kapilyuhang nagagawa ng prehuwisyong ito, lalo na sa moralidad at kasaysayan, pag ito'y palayain nang lubos hanggang sa pagkamuhi, ay makikita sa kaso ni Buckle; dito'y ang kababawan ng modernong espiritu, na nagmula sa Inglatera, ay pumutok muli sa bayan niya, may karahasan ng bulkan, nang may maalat, maingay, at bulgar na kahusayan sa pagsasalita na katulad ng lahat ng bulkan mula noon pa man.

Tungkol sa ating problema, may magandang dahilan para tawagin itong tahimik na problema, nangungulit idirekta sa iilang tenga, hindi kaunting bagay ang siguruhing ang mga salita at ugat na tumutukoy sa "mabuti," naroon pa rin madalas, sumisikat ang pinakaimportanteng detalye, sa pamamagitan nito nararamdaman pa rin ng mga dakilang sila'y mga tao na mas mataas ang uri. Ipagpalagay na natin na, mas madalas, tinutukoy nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng kanilang pagkaangat sa kapangyarihan (bilang "ang makapangyarihan," "ang mga amo," "ang mga namumuno") o sa pinakahalatang senyales ng pagkaangat, halimbawa, bilang "ang mayayaman," "ang mga may-ari" (ito ang kahulugan ng *arya*; at ng mga katumabas na salita sa Iranian at Slavic). Pero ginagawa rin nila sa pamamagitan ng tipikal na katangian: at ito ang pinagkakaabalahan natin dito. Tinatawag nila ang kanilang sarili bilang "ang makatotohanan"; ito ang kaso higit sa lahat sa nobilidad na Griyego, na ang tagapagsalita'y ang taga-Megarang makatang si Theognis. Ang ugat ng salitang nilikha para rito ay nangangahulugang umiiral, na hawak ang realidad, ang aktwal, ang totoo; pagkatapos, may subhetibong hakbang, ang totoo bilang makatotohanan: sa paralilang itong konseptuwal na pagbabago, nagiging islogan ang salita, susing salita ng nobilidad, at mula roo'y tumutuloy tungo sa kahulugan "dakila," iba sa nagsisinungaling na ordinaryong tao, na siyang turing sa kaniya ni Theognis at kung papaano siya inilalarawan ni Theognis—hanggang sa wakas, pagkatapos maagnas ng nobilidad, naiwang tumutukoy ang salita sa nobilidad ng kaluluwa, naging hinog at matamis.

Oo nga pala, *blonde* na lahi ang mga Celt; maling iugnay ang mga latak ng maitim ang buhok na tao sa kahit anong pinagmulan o dugong Celtic, na

dumano sa mas mahuhusay na etnograpiikal na mapa ng Alemanya, tulad ng ginagawa ni Virchow: sa totoo, iyong mga taong nasa Alemanya bago ang mga Aryan ang umuusbong sa mga lugar na ito. (Totoo ito halos sa buong Europa: ang tinabunang lahi ang unti-unting nagiging liyamado, sa kulay, sa ikli ng bungo, marahil kahit sa intelektuwal at sosyal na loob: sinong makakapagsabi kung ang modernong demokrasya, lalo na ang modernong anarkismo, lalo na iyong inklinasyon para sa "komunidad," para sa pinakaprimitiyong uri ng lipunan, na ngayoy pinagsasaluhan ng lahat ng sosyalista ng Europa, hindi ba't senyales ito ng isang dambuhalang kontra-rebolusyon—at ang mananakop at among lahi, ang Aryan, ay pisikal nang bumibigay din?

5

Sa alituntuning ang bawat konseptong nangangahulugang superyoridad sa politika'y laging nagiging konseptong nangangahulugang superyoridad ng kaluluwa, hindi kinakailangang hindi kabilang (bagaman nagiging okasyon para hindi mabilang) kapag ang pinakamataas na uri'y uri ng pari at kung gayoy binibigyang-diin sa paglalarawan nito nang buo sa sarili ang panaguring nagpapaalala sa papel nito bilang pari. Dito, kung gayon, na naghaharap ang "puro" at "hindi puro" sa unang beses bilang pagtukoy sa uri; at dito ri'y may umuusbong na "mabuti" at "pangit" na wala nang kinalaman sa uri. Babala, huwag tanggapin nang masyadong malawak ang mga konseptong "puro" at "hindi puro," at lalo mas huwag bilang simbolo: lahat ng konsepto ng sinaunang tao, sa simula, ay bastos, magaspang, panlabas, makitid, diretso, at todo-todong hindi simbolikal ang kahulugan sa paraang hindi na natin maintindihan. Ang "puro," sa simula pa lang, ay iyong hinuhugasan ang kaniyang sarili, iyong pinagbabawalan ang kaniyang sariling kumain ng mga piling pagkaing nagdudulot ng sakit sa balat, ang hindi nakikipagsiping sa mga babaeng mula sa mababang uri, ang may pagkaayaw sa dugo—iyon at iyon lang! Sa ibang banda, malinaw mula sa kalikasan ng ganitong aristokratikong kaparian kung bakit ang mga halagahan na itong "*antithetical*" ay mapanganib na magbabago't mas lalalim, mas tatalas, mas loloob; at iyon nga, pumunit sila ng bitak sa pagitan ng mga tao na kahit ang mala-Achilles ng malayang espiritu'y hindi tatalon nang walang nginig. Sa simula pa lang ay mayroon nang hindi malusog sa isang aristokratikong kaparian, sa mga gawaing namamayani sa kanila na lumalayo sa kanila sa pagkilos at nagpapalit mula pagmumukmok at emosyonal na pagsabog, mga gawaing ang hindi mapigilang dulot ay sakit sa tiyan na mayroon ang mga pari noon hanggang ngayon; pero doon sa nilikha nilang gamot sa sakit na ito—kailangan pa bang isang daang beses sabihing mas malala pa ito kaysa akin na dapat niyang gagamutin? Ang sangkatauhan mismo'y may sakit pa rin dahil sa pagiging inosente ng mga pari tungkol sa medisina! Isipin, halimbawa, ang ilang uri ng diyeta (pag-away sa laman), sa pag-aayuno, ang pag-iwas sa pakikipagtalik, ang

pagtakas sa kagubatan (ang gamot ng paghihiwalay ni Weir Mitchell—nang wala, sigurado, ang kasunod na pagpapataba at sobrang pagpapakain na pinakaepektibong gamot sa *hysteria* na dulot ng *ascetic* na ideal): idagdag pa sa lahat ng ito ang metapisikang kontra-sarap ng mga pari na ginagawang tamad ang mga tao at masyadong puro, ang kanilang *autohypnosis* gaya ng mga fakir at Brahmin—ginagamit si Brahma bilang hugis ng salaming *knob* at nakapakong idea—at sa huli ang napakadaling intindihing satsipaksiyon sa lahat ng ito, kasama na ang radikal na gamot para dito, kalawan (o Diyos—ang pagnanasa para mistikal na pakikipagniig kasama ang Diyos ay ang pagnanasa ng Budista para sa wala, Nirvana—iyon lang!). Dahil sa mga pari lahat ay nagiging mas mapanganib, hindi lang mga gamot, kundi kayabangan, paghihiganti, katalasan, pagwawaldas, pag-ibig, pag-ibig sa kapangyarihan, birtud, sakit—pero patas lang sabihing sa lupa ng mapanganib na uri ng pag-iral ng tao, ang uring pari, dito unang naging interesanteng hayop ang tao, at dito lamang nagkaroon ang kaluluwa ng tao, sa mas mataas na kahulugan, ng lalim at naging pangit—at ito ang dalawang batayang katangian kung bakit mas mahusay ang tao sa ibang hayop!

6

Madali namang maisip kung gaano kadali sumangay ang pamparing uri ng halagahan tungo sa kabalyero-aristokratiko, at pagkatapos nito'y magbago tungo sa kabaligtaran; mas madalas itong mangyari kapag ang uri ng pari at ang uri ng mandirigma'y nagseselos sa isa't isa't ayaw magkompromiso. Ang halagahang kabalyero-aristokratiko'y nagpapalagay sa makapangyarihang katawan, bumubusilak, mataba, namumulaklak na kalusugan, kasama na iyong nagsisilbi para magpatuloy ito: giyera, pakikipagsapalaran, pangangaso, sayaw, larong giyera, at sa pangkalahatan iyong mayroong malakas, malaya, masayang aktibidad. Ang pinapalagay naman ng halagang pampari'y ibang bagay: dehado sila pagdating sa gera! Alam naman nating lahat, ang mga pari ang pinakapangit na kalaba—pero bakit? Dahil sila ang pinakabaog. Dahil sa kanilang kabaugan kaya ang kanilang pagkamuhi'y lumalaking parang halimaw. Ang pinakadakilang namumuhi sa kasaysayan ng mundo'y mga pari, pati na rin ang pinakatusong namumuhi: ang ibang mga espiritu'y walang sinabi kompara sa espiritu ng paghihiganti ng pari. Sobrang tanga ng kasaysayan ng sangkatauhan kung wala ang espiritung pinasok ng mga baog—kunin natin ang pinakaprominenteng halimbawa. Lahat ng nagawa sa daigdig laban sa mga "dakila," "makapangyarihan," "amo," "namumuno," ay naglalahok kompara sa ginawa ng mga Hudyo; ang mga Hudyo, bayan ng mga pari, na sa paglaban sa kanilang mga kalaban at mananakop ay hindi nakontento hanggang magkaroon ng todo-todong pagbabago sa halagahan ng kanilang mga kalaban, iyon na nga, isang nakapaespiritwal na paghihiganti. Dahil ito lamang ang nararapat sa isang mala-parang bayan, ang bayang kumakatawan sa pinakamalalim na pagtatabon ng

pamparing paghihiganti. Ang mga Hudyo, nang may kahanga-hangang konsistensi, ang naglakas-loob na baligtarin ang aristokratikong halagahan (mabuti = dakila = makapangyarihan = maganda = masaya = mahal ng Diyos) at ang kumapit sa pagbabaligtad na ito gamit ang kanilang mga ngipin, ang mga ngipin ng pinakamalalim na pagkamuhi (ang pagkamuhi ng pagkabaog), nagsasabing "ang isinumpa lamang ang mabuti, ang mahirap, baog, mababa lamang ang mabuti; ang naghihirap, pinagkaitan, may sakit, pangit lamang ang banal, lamang ang pinagpala ng Diyos, ang pagpapala ay para lamang sa kanila—at kayo, ang makapangyarihan at dakila, sa halip kayo ang buktot, ang malupit, ang malaswa, ang walang hanggan ang gutom, ang walang diyos nang walang hanggan; at hanggang sa dulo ng walang hanggan kayo ang isinumpa!" Alam na kung sino ang nagmana ng halagang Hudyo na ito. Kaugnay ng makapangyarihan at makasaysayang pagkilos na ito ng mga Hudyo sa pamamagitan nitong pinakabatayang deklarasyon ng digmaan, naalala ko ang panukalang nadatnan ko sa nakaraang okasyon (*Lampas sa Mabuti at Buktot*, ika-195 seksiyon)—na sa mga Hudyo nagsimula ang himagsikang pang-alipin sa moralidad: ang himagsikang iyo'y may kasaysayan ng dalawang libong taon sa likod na hindi na natin nakikita dahil ito—ang nanalo.

7

Pero hindi mo ba ito naiintindihan? Hindi mo ba kayang makita ang isang bagay na nangailangan ng dalawang libong taon para makuha ang tagumpay? Walang dapat kamanghaan dito: lahat ng pangmatagalang bagay ay mahirap makita, makita nang buo. Pero iyon nga ang nangyari: mula sa troso ng puno ng paghihiganti at pagkamuhi, pagkamuhing pang-Hudyo—ang pinakamalalim at pinakamagandang uri ng pagkamuhi, kayang lumikha ng mga ideal at magbaligtad ng halagahan, hindi pa kailanman nagkaroon ng ganitong uri sa mundo—kasabay nito'y may umusbong na parehong hindi maihambing, isang bagong pag-ibig, ang pinakamalalim at pinakamagandang uri ng pag-ibig—at mula sa kung anong troso pa ito maaaring umusbong?

Huwag isiping lumaki ito bilang pagkaila sa uhaw para sa paghihiganti, bilang kabaligtaran ng pagkamuhing pang-Hudyo! Hindi, ang kabaligtaran ang totoo! Iyong pag-ibig na sumibol mula sa kaniyang korona, bilang kaniyang matagumpay na korona, lumalawak nang lumalawak papunta sa pinakapurong liwanag at sinag ng araw, itinulak tungo sa teritoryo ng liwanag at ng kaitaasan sa paghabol ng mga tunguhin ng pagkamuhi—tagumpay, nakaw, at pag-akit—ng parehong pag-ibig na nagtulak sa mga ugat ng pagkamuhi palalim nang palalim at takam na takam paloob sa lahat ng malalim at buktot. Ang Hesus Nazarenong ito, ang kumakatawan sa mabuting balita ng pag-ibig, itong "Manunubos" na nagdala ng biyaya at tagumpay sa mga mahirap, may sakit, at mga makasalanan—hindi

ba't siya ang pag-akit na ito sa pinakakakaiba at hindi matiis na anyo, pag-akit at daan sa mismong mga halagahang Hudyo at bagong ideyal? Hindi ba't narating ng Israel ang pinakamatinding tunguhin ng ubod ng gandang paghihiganti sa pamamagitan mismo ng "Manunubos" na ito, itong sinasabing kalaban at mangwawasak ng Israel? Hindi ba't bahagi ng lihim na madilim na sining ng tunay na dakilang politika ng paghihiganti, ng malayo ang tingin, nasa ilalim, mabagal na umaabante, at matagal na pinag-isipang paghihiganti, na kailangan mismong ikaila ng Israel ang tunay na instrumento ng paghihiganti nito, para "ang buong mundo," iyon nga, lahat ng kalaban ng Israel, ay walang paghihinalang lulunuin itong patibong? At kaya bang mag-isip ng espirtwal na pagkaswabe ng mas mapanganib na patibong kaysa dito? Kahit ano para mapantayan ang nakakakiliti, nakakalulong, nakakabuwal, at nakakahiyang kapangyarihan ng simbolong "banal na krus," iyong nakakaputlang *paradox* ng "Diyos sa krus," ang misteryo ng hindi maisip na pinakamatinding kalupitan at pagpapapako sa sarili ng Diyos para sa kaghinawaan ng tao?

Ang sigurado, kahit papaano, ay sa ilalim ng sagisag na ito, ang Israel, kasama ng kaniyang pagmamahal sa paghihiganti at pagbabago ng halagahan, ay nagtagumpay muli at muli sa ibang ideal, sa lahat ng ibang mas dakilang ideal.

8

"Pero bakit ka nagsasalita tungkol sa mga mas dakilang ideal! Dito lang tayo sa datos: nanalo na ang bayan—o "ang mga alipin" o "ang madla" o "ang tupa" o kung ano man ang gusto mong itawag sa kanila—kung ito ay nangyari sa pamamagitan ng mga Hudyo, o e di sige! Nadespatsa na "ang mga amo"; nagwagi na ang moralidad ng pangkaraniwang tao. Maaaring ituring ang tagumpay na ito bilang paglason sa dugo (pinaghalo nito ang mga lahi)—hindi ako sasalungat; pero ang pagkalulong na ito'y walang dudang matagumpay. Nagpapatuloy ang kaligtasan ng sangkatauhan (mula sa "mga amo"); nakikitang lahat ay nagiging mala-Hudyo, mala-Kristyano, mala-madla (anong halaga ng mga salita!). Tila hindi matiis ang pagsulong ng lasong ito sa buong katawan ng sangkatauhan, ang takbo at ritmo nito'y mula ngayon magiging mabagal, mas suwabe, mas mahina ang ingay, mas maingat—marami pang oras. Sa ganitong mithiin, mayroon pa bang kinakailangang papelang ang simbahan? May karapatan ba itong umiral? O kaya bang magpatuloy nang wala ito? Nagtatanong lang po. Tila ba pinapabagal niya imbes na tinutulungan ang pagsulong. Pero baka iyon ang gamit niya.—Sigurado naman, sa paglipas ng mga taon, ito'y naging magaspang at bastos, bagay na nakadidiri sa isang mas pinong isip, sa isang tunay na modernong panlasa. Hindi ba't kinakailangan nitong maging mas pino?—Ngayon nakakasuka imbes nakakaakit.—Sino ba sa atin ang hindi malayang espiritu kung walang

simbahan? Ang simbahan, at hindi ang lason, ang ating pinangdidirihan. Bukod sa simbahan, tayo mismo, mahal ang lason.”

Ito ang epilog ng isang "malayang espiritu" sa aking talumpati; isang tapat na hayop, nalantad naman niya, at *democrat* pa; pinakinggan niya ako hanggang doon at hindi na matiis makinig sa aking katahimikan. Dahil sa puntong ito'y kailangan kong maging tahimik.

9

Nagsisimula ang himagsik ng alipin sa moralidad pag mismong ang sama ng loob ang naging malikhain at nagluwal ng halagahan; ang sama ng loob ng mga kalikasang napagkaitan ng totoong reaksiyon, iyong gawa, at pampalubag-loob ang imahinaryong paghihiganti. Samantalang ang bawat dakilang moralidad ay umuunlad mula sa isang matagumpay na pag-oo sa sarili nito, ang pang-aliping moralidad ay, sa simula pa lang, nagsasabing Hindi sa lahat ng "nasa labas," kung ano ang "kakaiba," kung ano ang "hindi sarili nito" at ang Hinding ito ang kaniyang malikhaing gawa. Itong pagbabaligtad sa matang lumilikha-ng-halagahan—itong pangangailangan para ituro ang pananaw palabas imbes na pabalik sa sarili—ito ang loob ng sama ng loob: para umiral, kailangan lagi ng pang-aliping moralidad ng galit sa panlabas na mundo; kailangan nito, nang pisikal, ng panlabas na *stimuli* para kumilos—ang aksiyon nito'y reaksiyon.

Baligtad ang totoo sa dakilang moda ng halagahan: kumikilos ito at lumalaki nang *spontaneous*, hinahanap nito ang kaniyang kabaligtaran para lang umoo sa sarili nang may higit pang utang na loob—ang negatibong konsepto nitong "mababa," "karaniwan," "pangit" ay inimbento pagkatapos, maputlang imahen kompara sa positibo nitong batayang konsepto—punong-puno ng buhay at pasyon—"kaming mga dakila, kaming mga mabuti, maganda, masaya!" Pag nagkakamali at nagkakasala laban sa realidad ang dakilang moda ng halagahan, doon lamang sa mga larangang hindi sapat ang kaniyang pagkakakilala, laban sa tunay na karunungan tungkol dito'y binantayan niya ang kaniyang sarili: sa ibang sitwasyo'y nagmamaling akala ito tungkol sa larangang kaniyang kinamumuhian, iyong sa karaniwang tao, sabihin nang ang emosyon ng pandidiri, ang pagtingin pababa mula sa mataas, ay pinepeke ang imahen ng kinamumuhian, mas lokohang uri pa rin ito ng pamemeke kumpara sa ginagawa ng kanyang kalaban—sa *effigy*, syempre—ng nagbabad sa pagkamuhi, ng paghihiganti ng baog. Sa totoo, masyadong magaslaw, masyadong loko-loko, masyadong malayo ang tingin at walang pasensiya ang pandidiri, meron pa ngang masyadong kaligayahan, dahil nagagawa nitong baguhin ang obheto tungo sa tunay na karikatura at halimaw.

Hindi dapat pasadahan lamang ang halos mapagkawanggawang detalyeng mayroon ang kadakilaang Griyego, halimbawa, na ibinibigay nito sa mga salitang ginagamit para ipag-iba ang mababang uri sa kaniyang sarili; kung paano silang patuloy na pinaghalo at pinatamis nang may kaunting awa, pag-intindi, pagtitimpi, kung kaya't sa huli halos lahat ng salitang tumutukoy sa karaniwang tao'y nanatiling mga ekspresyong nangangahulugang "malungkot," "nakaaaawa"—at sa ibang banda "pangit," "mababa," "malungkot," ay ang tunay sa tengang Griyego'y "malungkot": ito'y pamana ng sinaunang aristokratikong moda ng halagahan, na hindi nagsisinungaling sa sarili kahit sa pandidiri. "Masaya" ang pakiramdam namang mga "maganda ang pagpapalaki"; hindi nila kailangang ang artipisyal na pagtatayo ng kanilang kasiyahan sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanilang mga kaaway, hindi nila kailangang kumbinsihin ang kanilang sarili, lokohin ang kanilang sarili, na sila'y masaya (tulad ng ginagawa ng lahat ng taong may sama ng loob); at alam ng mga amo, dahil mga tao silang makapangyarihan at kung gayo'y kinakailangang aktibo, na hindi dapat inihihawalay ang kaligayahan sa aksiyon—ang pagiging aktibo'y para sa kanila'y bahagi ng pagiging masaya—lahat ng ito'y kabaligtaran ng "kaligayahan" sa lebel ng baog, ng api, sa kanilang nagnanana ang mga lasong damdamin, sa kanilang ang kaligayahan ay droga, pahinga, kapayapaan, "sabbath," pagkawala ng tensiyon, sa madaling salita, pasibo.

Habang ang dakilang tao'y nabubuhay nang may tiwala at bukás sa kaniyang sarili, ang tao ng sama ng loob ay hindi nakatayo nang tuwid at hindi *naïve* at hindi tapat at tuwid sa kaniyang sarili. Malabo ang paningin ng kaniyang kaluluwa; gustong-gusto ng kaniyang espiritu ang mga lugar na maaaring pagtaguan, mga lihim na daan, lahat ng tago'y inaakit siya bilang kaniyang mundo, kaniyang seguridad, kaniyang ginhawa; naiintindihan niya kung paano manatiling tahimik, kung paano hindi makalimot, paano maghintay, paano pansamantalang manlait ng sarili't maging mapagkumbaba. Ang lahi ng mga taong may sama ng loob ay nakatakdang maging mas tuso sa kanilang anong dakilang lahi; pararangalan nito ang pagiging tuso nang mas matindi; iyon na nga, bilang importanteng-importanteng kondisyon ng pag-iral; samantalang sa mga dakilang tao'y ang pagiging tuso'y mabilis makakuha ng suwabeng lasa ng luho—sapagkat dito'y hindi ito kinakailangan, hindi tulad ng perpektong pagtakbo ng *hindi malay* na loob o ng isang uri ng kawalang-isip, siguro'y magaslawa na kawalang-pakialam, sa harap man ng panganib o ng kaaway, o sa galit, pag-ibig, paghanga, utang na loob, at paghihiganti na mangilang beses na ring ginamit ng mga dakilang kaluluwa para kilalanin ang isa't isa. Ang sama ng loob mismo, pag lumabas ito sa dakilang tao, nakakahanap na agad ng kaganapan sa madaliang reaksiyon, kung gayon hindi ito nakakapanlason: sa ibang banda, hindi ito

dumano sa hindi mabilang na sitwasyon sa dakilang tao, sa mga sitwasyong hindi ito mapigilang lumabas sa mga mahina at baog.

Iyong hindi sineseryoso ang iyong kaaway, ang iyong mga aksidente, kahit ang iyong mga pagkakamali nang matagalan—iyon ang senyales ng malakas at buong kalikasan, na mayroong labis na kapangyarihan para bumuo, humulma, bumawi, at kumalimot (ang mabuting halimbawa nito sa modernong panaho'y si Mirabeau, na walang alaala ng mga insulto at panlalapastangan sa kaniya at hindi nagawang magpatawad dahil—nakalimot). Itong uri ng taong naiwawaksi sa pamamagitan ng pagkibit-balikat ang maraming peste na sumisisid sa iba; dito lamang posible ang tunay na "pagmamahal sa kapwa"—sabihin na nating posible ito sa mundo. Sobra ang paghanga ng dakilang tao para sa kaniyang mga kaaway! —ang paghangang ito'y tulay tungo sa pag-ibig. Dahil gusto niya ang kaniyang kaaway para sa kaniyang sarili—bilang tanda ng pagkakaiba; ang kaya lang niyang kaaway ay iyong walang kaaayawan at *maraming* kagigiliwan! Salungat dito, ilarawan "ang kalaban" na naiisip ng tao ng sama ng loob—narito ang kaniyang gawa, ang kaniyang likha: siya ang nagluwal sa "buktot na kaaway," "ang Buktot," at ang datos na ito'y ang kaniyang batayang konsepto, mula rito niya binubuo ang "mabuti"—ang kaniyang sarili!

10

Ito, kung gayon, ay salungat sa kung ano ang ginagawa ng dakilang tao, na iniisip ang batayang konsepto ng "mabuti" sa simula pa lamang, putok sa buho, at pagkatapos lang nito siya lumilikha ng idea ng "pangit"! Itong "pangit" na nagmula sa dakila at iyong "buktot" na mula sa kaldero ng hindi maisagawang pagkamuhi—ang una'y nalikha pagkatapos, isyu sa gilid, panghambing na kulay, ang huli'y ang orihinal na bagay, ang simula, ang kakaibang gawain sa paglikha ng pang-aliping moralidad—sobrang laki ng pagkakaiba ng "pangit" at "buktot," kahit na mukhang kabaligtaran lang sila pareho ng "mabuti." Ngunit hindi nga parehong konseptong "mabuti"; dapat itanong sino ang "buktot" sa moralidad ng sama ng loob. Ang sagot, kung magiging tiyak, ay ang iyong mismong "mabuting tao" ng isa pang moralidad, iyong dakila, makapangyarihan na tao, ang namumuno, pero kinulayan ng iba, binigyan ng ibang kahulugan, tiningnan ng iba ng lasong mata ng sama ng loob.

Ito ang isa pang ako ang huling magkakaila: kung sino ang kumikilala sa mga "mabuting tao" na ito bilang mga kaaway lamang ay nakakakilala lamang ng mga pangit na kaaway, at iyong mga taong napipigilan sa mga pagkakapantay-pantay ng tradisyon, respeto, gamit, utang na loob, at mas higit pa ng pagsosospetsa at selos, at sa ibang banda'y sa kanilang relasyon sa isa't isa'y masaya sa konsiderasyon, pagkontrol sa sarili, kahinhinan, katapatan, pagmamalaki, at

pakikipagkaibigan—kapag sila'y lumabas, kung saan ang kakaiba, ang banyaga'y natatagpuan, para lang silang mga nakawalang hayop. Doon nilalapas nila ang kalayaan mula sa mga panlipunang bitag, kapag nasa kagubata'y bumabawi sila para sa tensiyong dulot ng pagkakabitag sa kapayapaan ng lipunan, bumabalik sila sa inosenteng konsiyensiya ng hayop, mga matagumpay na halimaw, na, siguro, ay diumano mula sa nakadidiring prosesyon ng pagpatay, pagsunog, panggagahasa, pagpapahirap, nang masaya at payapa ang kaluluwa, na para bang pagbubulakbol lang ito ng mga estudyante, kumbinsidong nabigyan nila ang mga makata ng materyal para sa mga awit ng papuri. Hindi maiiwasang makita sa ilalim ng mga dakilang lahang ito ang hayop na mandaragit, ang napakagandang *blonde* sa hayop na umaaligid, tuwang-tuwang naghahanap ng yaman at tagumpay; ang tagong loob na ito'y kailangang lumabas paminsan-minsan, kailangang pakawalan ang hayop at pabalikin sa kagubatan; ang nobilidad ng Roma, Arabya, Alemanya, Hapon, ang mga bayani ni Homer, ang mga Viking, lahat sila'y kailangan ito.

Ang mga dakilang lahi ang nag-iwan ng konsepto ng "barbaro" kung saan man sila nagpunta; kahit ang pinakamataas nilang kultura'y may kamalayan tungkol dito (halimbawa, nang sabihin ni Pericles sa kaniyang mga kapwa taga-Athens sa kaniyang sikat na elehiya, "ang aking katapanga'y napasok ang bawat lupain at karagatan, sa bawat lugar nagtatayo ng hindi namamatay na monumento sa kaniyang kabutihan at kabuktutan"). Itong "katapangan" ng mga dakilang lahi, baliw, hungkag, at biglaan sa kanyang ekspresyon, ang pagiging hindi makalkula, ang pagiging hindi kapani-paniwala ang kanilang mga proyekto—espisipikong tinukoy ni Pericles ang *rhathymia* ng mga taga-Athens—ang kanilang kawalan ng pakialam sa at pandiriri sa seguridad, katawan, buhay, pagiging komportable, ang kanilang nakakatindig-balahibong pagkamasiyahin at malalim na ligaya sa lahat ng pagkawasak, sa buong kaseksihan ng tagumpay at pagkamalupit—lahat ng ito'y nagsama-sama, sa isip ng mga naghirap sa kamay nito, sa imahen ng "barbaro," ng "buktot na kaaway," marahil bilang mga "Goth," ang mga "Vandal." Ang malalim at malamig na kawalan ng tiwalang binubuhay ng Aleman tuwing napupunta siya sa posisyon ng kapangyariha'y alingawngaw ng hindi mapatay na takot ng Europa sa panonood sa pagragasa ng *blonde* na Alemang halimaw sa loob ng mga siglo (kahit na sa pagitan ng mga lumang tribung Aleman at nati'y halos wala nang konseptuwal na relasyon, wag nang banggitin ang dugo).

Minsa'y nagtawag-pansin na ako sa problemang natagpuan ni Hesiod nang nilikha niya ang kaniyang pagkakasunod-sunod ng mga pangkultural na kapanahunan at sinubukang isawika ito gamit ang mga terminong ginto, pilak, bronce: wala silang alam na paraan para panghawakan ang kontradiksyon ng dakila pero kasabay nito'y ang terrible't marahas na mundo ni Homer, puwera na

lamang sa pamamagitan ng paghati sa isang edad sa dalawa, inilagay niya ang isa pagkatapos ng isa—una'y ang edad ng mga bayani at diyos ng Troy at Thebes, ang anyo ng mundong iyon na nabuhay sa alaala ng mga apo ng dakilang lahi; pagkatapos ang edad ng bronse, ang anyo ng parehong mundo pero sa pananaw ng mga apo ng mga inapi, ninakawan, minaltrato, dinakip, inalipin: edad ng bronse, nasabi na nga, matigas, malamig, malupit, walang damdamin at konsensiya, mapangwasak at madugo.

Sabihin na nating ang pinaniniwalaang "totoo" ay tunay ngang totoo, at ang kahulugan ng lahat ng kultura ay ang pagpapaliit ng hayop na mandaragit na "tao" tungo sa maamo at sibilisadong hayop, isang hayop na namamahay, kung gayo'y kakailanganing tingnan lahat ng loob ng reaksiyon at sama ng loob, na tumulong para sa wakas ang mga dakilang lahi at ang kanilang mga ideal ay nalito't ibinagsak, bilang mga tunay na instrumento ng kultura; pero hindi ibig sabihi'y ang mga nagdadala ng mga loob na ito'y mismong representatibo ng kultura. Ang kabaligtara'y hindi lamang posible—hindi! Ngayon ito'y nararamdaman! Itong mga nagdadala ng mapang-aping loob na nauuhaw para sa paghihiganti, ang mga apo ng bawat uri ng pang-aaliping Europeo at hindi Europeo, lalo na ang buong populasyon bago ang mga Aryan—sila ang representatibo ng pag-atras ng sangkatauhan!

Kahihiyan itong mga "instrumento ng kultura," akusasyon at argumento laban sa "kultura" mismo! Lehitimong magpatuloy matakot sa blondeng halimaw na nasa loob ng lahat ng dakilang lahi at sa pagiging listo laban dito: pero sino ba ang hindi pipiliin ang matakot sa maaari ding hangaan kaysa huwag matakot pero masumpa sa itsura ng mali ang pagkakagawa, naduwende, naluoy, at nalason? At hindi ba't ito ang ating kapalaran? Ano ba ngayon ang bumubuo sa ating pagiging antipatiko sa "tao"?—dahil tayo'y pinahihirapan ng tao, walang duda.

Hindi takot: wala nang natitirang maaaring katakutan sa tao; ang uod na "tao" ay nagkukumpol sa harapan; iyong "maamong tao," ang walang pag-asang katamtaman at bulateng tao, ay nararamdaman nang siya ang layon at kaitaasan, ang kahulugan ng kasaysayan, bilang "mataas na tao," na mayroon siyang karapatan para maramdaman ito, dahil nga nararamdaman niyang mas mataas sila sa kalabisang ng mali ang pagkakagawa, sakitin, pagod, at pagal na tao na ngayo'y nagpapabantot sa Europa, bilang medyo tama ang pagkakagawa, may kakayahan pa ring mabuhay, kahit papaano'y umooo sa buhay.

11

Sa puntong ito'y hindi ko na kayang pigilan ang isang buntonghininga at isang huling pag-asa. Ano ba ang hindi ko talaga kayang tiisin? Na hindi ko

kayang pakisamahan, na sinasakal ako, na nakakahimatay? Mabahong hangin! Mabahong hangin! Ang paglapit ng mali ang pagkakagawa; na kailangan kong maamoy ang lamanloob ng isang kaluluwang mali ang pagkakagawa! Gaano katindi ang kayang tiisin: pagkaaburido, kawalan, masamang panahon, sakit, paghihirap, pag-iisa. Maaaring tiisin ang kahit ano ng isang pinanganak sa pakikipagtunggali; paulit-ulit umuusbong sa liwanag, paulit-ulit nararanasan ang ginintuang oras ng tagumpay—at muling tatayo tulad ng pagkakapanganak pa lamang, hindi mabasag, nakatindig, handa sa bago, mas matigas, mas malayong bagay, parang panang ang pagkaaburido'y paghila lamang para maging mas bata.

Pero pagbigyan ako, paminsan-minsan—kung may diyosa sa larangang lampas sa mabuti at buktot—ibigay sa akin ang pananaw, ang isang sulyap sa perpektong bagay, buo ang kaganapan, masaya, malakas, matagumpay, iyong kaya pang bumuhay ng takot! Ang taong nagbibigay lehitimasyon sa tao, ng isang dumaragdag at nagliligtas na suwerteng tama sa bahagi ng tao, na para dito'y maaaring pa ring maniwala sa tao!

Dahil ito ang lagay ng mga bagay: ang pagpapaliit at pagpapantay ng taga-Eropa'y ang ating pinakatotoong panganib, dahil ang makita siya'y nakakapagod. Wala tayong makita ngayon na nais lumaking mas dakila, ang sospetsa nati'y magpapatuloy ang pagbagsak ng mga bagay, bagsak, magiging mas payat, mas mahinahon, mas nagkakalkula, mas komportable, mas karaniwan, mas walang pakialam, mas Tsino, mas Kristiyano—walang dudang patuloy sa "paggaling" ang tao.

Ito mismo ang nagiging tadhana ng Europa—kasama ng takot sa tao'y nawala rin ang ating pagmamahal sa kaniya, ang pagsamba natin sa kaniya, ang pag-asa natin para sa kaniya, ang loob natin sa kaniya. Ang makita ang tao ngayo'y nakakapagod—ano ang nihilismo ngayon kung hindi iyon? Nakakapagod ang tao.

12

Pero bumalik tayo: ang problema ng isa pang pinagmulan ng "mabuti," ang mabuting nagmula sa tao ng sama ng loob, humihiling ito ng solusyon. Hindi nakapagtata kang ayaw ng mga tupa sa mga ibong mandaragit: pero hindi ito nagbibigay sa kanila ng dahilan para pagalitan ang mga ibong mandaragit kapag pumuslit sila ng maliliit na tupa. At kung magkukuwentuhan ang mga tupa: "itong mga ibong mandaragit ay buktot; at kung sino man ang pinaka hindi katulad ng ibong mandaragit, kundi kaniyang kabaligtaran, isang tupa—hindi ba siya ang mabuti?" walang dahilan para makitahan ng pagkakamali ang pagtayo ng

isang ideal, pero siguro ang mga ibong mandaragit ay tatanawin ito nang may ironiya at sasabihing, "hindi namin sila ayaw, itong mabubuti't maliliit na tupa; mahal namin sila: wala nang sasarap pa sa malambot na tupa."

Ang hilingin sa lakas na *wag* nitong ipahayag ang sarili bilang lakas, na wag itong maging pagnanasa tungo sa pag-alpas, pagnanasa para bumato, pagnanasang maging amo, uhaw para sa mga kaaway at pagtutol at tagumpay, ay kasing hungkag ng paghiling sa kahinaan na ihayag ang sarili nito bilang lakas. Ang isang *quantum* ng puwersa'y katumbas ng isang quantum ng loob, pag-ibig, epekto, dagdag pa rito, wala itong kinaibahan sa pagloloob, pag-ibig, pag-eepekto, at utang lamang sa pang-aakit ng wika (at ang mga batayang pagkakamali sa pangangatwiran na nakaukit dito) na iniisip at inaakalang lahat ng bunga'y may sanhi, ng "simuno," ito nagmimistulang ang kabaligtaran. At tulad din sa popular na pag-iisip na inihihwalay ang ang kidlat sa liwanag nito't itinuturing ang huli bilang kilos, ginawa ng simunong tinatawag na kidlat, gayundin na inihihwalay ng popular na moralidad ang lakas sa mga pagpapahayag ng lakas, na para bang may *neutral* na *substratum* sa likod ng malakas na tao, na malayang ipapahayag ang kaniyang lakas o hindi. Pero walang nasa ilalim; walang "nilalang" sa likod ng pagkilos, pag-epekto, pagiging; "ang gumawa" ay kuwento lamang na idinagdag sa gawain—ang gawa ang lahat. Dinodoble ng popular na isip ang gawain; kapag nakita nito ang kidlat, ito'y gawain ng gawain: itinuturing nito ang parehong pangyayari una bilang sanhi at pangalawa bilang bunga. Walang naidaragdag na mabuti ang mga siyentista pag sinasabi nilang "gumagalaw ang puwersa," "dulot ng puwersa," at mga katulad nito—sa lahat di umano'y pagiging obhetibo nito, huwag nang banggitin ang kalayaan mula sa emosyon, ang ating agham ay nasa ilalim pa rin ng mapanlinlang na impluwensiya ng wika at hindi pa nadedespatsa ang maliit na hunyangong iyon, ang "simuno" (ang atomo, halimbawa, ay isang hunyango, pati na rin ang "bagay-sa-sarili-nito" ni Kant); hindi nakapagtataka na kung ang nakalubog, tiim-bagang emosyon ng paghihiganti't pagkamuh'y pagsasamantalahan ang paniniwalang ito para sa sarili nilang layon at sa totooy nakakapit sa paniniwalang ang malakas na tao'y malayang maging mahina at ang ibong mandaragit ay malayang maging tupa—dahil kung gayo'y nagkakaroon sila ng karapatang gawing may pananagutan ito sa kaniyang pagiging ibong mandaragit.

Kapag ang mga api, nagdarahop, at galit ay hinihiling sa bawat isa gamit ang mapaghiganting pagkatuso ng kabaugan: "maging iba tayo sa buktot, maging mabuti! At siya ang mabuti na hindi nanggagalit, na walang sinasaktan, na hindi umaatake, na hindi gumaganti, na iniwan ang paghihiganti sa Diyos, na itinatago ang kaniyang sarili tulad ng ginagawa natin, na umiiwas sa pagiging buktot at kaunti lamang ang ninanasa sa buhay, tulad natin, ang may pasensiya, ang

mapagkumbaba, ang makatarungan"—ito, kapag pinakinggan nang mahinahon at walang pinapanigan, ay walang ibang sinasabi kung hindi, "tayong mga mahina'y mahina; mabuting huwag tayong gumawa ng bagay na hindi kaya ng ating lakas"; ngunit ang datos na ito, ang pag-iingat na itong pinakamababang uri na kahit insekto'y mayroon (nagkukunwaring patay, kapag may panganib, para "huwag masyadong" kumilos, ay, salamat sa pamemeke at pag-ayaw sa sarili ng kabaugan, dinamitan ang sarili ng kagalingan ng tahimik, kalmadong pagbitiw, na para bang ang kahinaan ng mga mahina—iyon na nga, ang kanilang loob, ang kanilang mga epekto, ang kanilang tanging hindi mababagong realidad—ay para bang boluntaryong tagumpay, niloob, pinili, gawain, isang magaling na pagkilos. Ang ganitong uri ng tao'y kailangang maniwala sa isang neutral at independiyenteng "simuno," dinidiktahan ng kalooban para sa pagpapanatili ng sarili at pag-oo sa sarili na bumebendisyon sa bawat kasinungalingan. Ang simuno (o, para gamitin ang mas popular na ekspresyon, ang kaluluwa) ang pinakapinaniniwalaan mula noon hanggang ngayon dito sa mundo dahil ginagawa nitong posible para sa mayorya ng mga mortal, ang mga mahina at api, ang ubod ng gandang panloloko sa sarili na binibigyang-kahulugan ang kahinaan bilang kalayaan, at ang kanilang pagiging ganito-at-ganiyan bilang kagalingan.

13

May gusto bang sumilip sa lihim kung paanong nililikha ang mga ideal sa mundo? Sino ang may tapang? Sige nga! Heto ang isang butas papasok sa madilim na workshop. Pero teka muna, Ginoong Mapusok at Usisero: kailangan munang masanay ang iyong mga mata sa pekeng ilaw. Ayan! Ngayon, magsalita! Ano ang nangyayari doon? Sabihin mo kung ano ang iyong nakikita, taong may mapanganib na pag-uusisa—ngayon ako naman ang nakikinig.

"Wala akong nakikita, pero marami akong narininig. Mayroong malambot, maingat, nagmamanas na bulong-bulungan mula sa bawat sulok. Sa tingin ko'y may nagsisinungaling; may ubod ng tamis na kumakapit sa bawat tunog. Ginagawang kagalingan ang kahinaan sa pamamagitan ng kasinungalingan, walang duda—kung paano mo nga inilarawan." Tuloy!

"At ang kabaugang hindi naibabalik, ginagawang "kabutihan ng puso"; aburidong kababawa'y nagiging "pagiging mapagkumbaba"; pagkaalipin sa mga kinamumuhian bilang "pagtalima" (iyon nga, sa sinasabi nilang utos ang ganitong pagtalima—tinawag siyang Diyos). Dito'y binibigyan ng nakapambobolang pangalan ang hindi pagpipintas ng mahinang tao, ang karuwagang napakarami niya, ang pag-aligid niya sa pinto, ang pagpilit sa kaniyang maghintay, tinawag na "pasensiya," at tinatawag na kagalingan; ang kawalan niya ng abilidad na gumanti'y tinatawag na kawalan ng pagnanasang maghiganti, pagpapatawad pa

nga ("dahil hindi nila alam kung ano ang kanilang ginagawa—tayo lamang ang nakaaalam kung ano ang kanilang ginagawa!"). Nagsasalita rin sila tungkol sa "pagmamahal sa kaaway," habang pinagpapawisan."

Tuloy!

"Miserable sila, walang duda, itong mga bulong nang bulong at mga peke sa sulok, bagaman may init sa kanilang pagyukyok nang magkasama—pero sinasabi nila sa akin na ang kanilang kalungkuta'y senyales na pinili sila ng Diyos; binubugbog ang paboritong aso; siguro ang kalungkutang ito'y paghahanda, pagsusulit, pagtuturo ng leksiyon, siguro'y higit pa rito—isang bagay na isang araw ay susuklian nang may dagdag, ng maraming-maraming ginto, hindi! ng kaligayahan. Ito ang tinatawag nilang "saya"."

Tuloy!

"Ngayon gusto nilang maintindihan kung hindi lang sila mas mahusay sa malakas, ang mga panginoon ng lupang ang dura'y kanilang dinidilaan (hindi dahil sa takot, hindi talaga dahil sa takot! Pero dahil utos ng Diyos na sumunod sila sa awtoridad)—hindi lang sila mas mahusay, "mas swerte" pa sila, o isang araw magiging mas suwerte rin sila. Pero tama na! Tama na! Hindi ko na kaya. Mabahong hangin! Mabahong hangin! Ito ang workshop kung saan nililikha ang mga ideal—ang dating sa aki'y mabaho ito sa kasinungalingan." Hindi! Hintay lang! Wala ka pang sinasabi tungkol sa obra maestra ng mga salamangkerong ito, na ginagawang kaputian, gatas, at pagiging inosente ang bawat kaitiman—hindi mo ba napapansin ang kanilang pagiging perpekto ng kanilang pagkapino, ang kanilang pinakamatapang, pinakasuwabe, pinakatuso, pinakapalsipikadong likhang sining? Bantayan sila! Itong mga daga ng paghihiganti at pagkamuhi—anong nagawa nila sa paghihiganti at pagkamuhi? Narinig ba n'yo bang nausal ang mga salitang iyon? Kung simpleng mga salita lang nila ang pagkakatiwalaan, mapagsosospetsahan man lang ba silang mga tao ng sama ng loob? ...

"Naiintindihan ko. Bubuksan kong muli ang aking mga tenga (naku! naku! naku! at isasara ang aking ilong). Ngayon naririnig ko na talaga kung ano ang kanilang sinasabi noon pa: "Tayong mabubuting tao—tayong "makatarungan"—ang kanilang ninanasa, tinatawag nilang, hindi paghihiganti, kundi "ang tagumpay ng hustisya"; ang kinamumuhia'y hindi ang kanilang mga kaaway, hindi! kinamumuhian nila ang "kawalan ng hustisya," kinamumuhian nila ang "hindi paniniwala sa Diyos"; ang pinaniniwalaan nila't inaasahan ay hindi ang pag-asa ng paghihiganti, ang pagkalulong sa matamis na paghihiganti ("matamis

pa sa pukyutan," sabi ni Homer), kundi ang tagumpay ng Diyos, ng makatarungang Diyos, laban sa mga walang diyos; ang natitira sa mundo para kanilang mahalin ay hindi ang kanilang mga kapatid sa pagkamuhi kundi ang kanilang "mga kapatid sa pagmamahal," sabi nga nila, lahat ng mabuti at makatarungan sa mundo."

At ano ang tawag nila sa nagsisilbing *consuelo de bobo* para sa lahat ng paghihirap ng buhay—ang kanilang kikitahing sarap sa kinabukasan?

"Ano? Tama ba ang naririnig ko? Tinatawag nila iyang "Huling Paghuhukom," ang pagdating ng kanilang kaharian, ng "Kaharian ng Diyos," samantala, nabubuhay sila sa "pananampalataya," sa "pag-asa," sa "pagmamahal" din.

Tama na! Tama na!

14

Pananampalataya sa ano? Pag-ibig sa ano? Pag-asa sa ano? Itong mga mahina—isang araw sila rin may intensiyong maging malakas, walang duda, isang araw ang kanilang "kaharian" di'y darating—tinatawag nila itong "kaharian ng Diyos," siyempre, tulad ng nakasulat: dahil napakamapagkumababa nila sa lahat ng bagay! Para maranasan iyon, kailangang mabuhay nang mahabang panahon—lampas sa kamatayan—iyon nga, kailangan ng walang hanggang buhay, para walang hanggang babayaran sa "kaharian ng Diyos" para sa pamumuhay sa mundo "sa pananamapalataya, sa pagmamahal, sa pag-asa." Babayaran para sa? Paano babayaran?

Bumulilyaso, sa tingin ko, si Dante nang, may kasamang nakakatakot na katusuan, nilagay niya sa lagusan ng kaniyang impiyerno ang tatak na "Ako rin nilikha ng walang hanggang pagmamahal"—pero mas lehitimo pang ilagay sa lagusan ng Paraisong Kristiyano ang tatak na "Ako rin ay nilikha ng walang hanggang pagkamuhi"—kung papayagang maglagay ng katotohanan sa ibabaw ng kasinungalingan! Dahil ano nga ba ang bumubuo ng kaluguran ng Paraiso? Puwede tayong manghula, pero mas maigi nang hayaan nating ilarawan ito ng awtoridad na hindi dapat minamaliit, si Thomas Aquinas, ang dakilang guro at santo. "Para mas malugod pa ang mga santo," sabi niya, maamong parang tupa, "at mas purihin pa nila ang Diyos dahil dito, hinahayaan silang makita ang pagpaparusa sa mga makasalanan." O kung nais marinig ito mula sa mas malakas na tono, marahil mula sa bibig ng matagumpay na Ama ng Simbahan, inuutusan ang kaniyang mga Kristiyano na iwasan ang mga malupit na sarap ng mga pampublikong laro—pero bakit? "Dahil mas marami ang alok ng

pananampalataya"—sabi niya, sa *Ang mga Palabas*, Kabanata 29 pataas—"bagay na mas malakas; salamat sa ating Pagkakaligtas, marami nang kaligayahan ang nasa mga kamay natin; sa halip na atleta'y mayroon tayong martir; kung gusto natin ng dugo, mayroon tayo ng dugo ni Kristo. Pero isipin kung ano ang naghihintay sa ating araw ng kaniyang pagbabalik, sa araw ng kaniyang tagumpay!"—at magpapatuloy siya, ang maligayang santo. "Oo, at may iba pang tanawin: ang araw ng paghuhukom, hindi inaasahan ng mga nasyon, kung kailan ang matandang mundo, kasama ang mga produkto nito, ay kakainin ng isang dambuhalang apoy! Ano ang aking hinahangaan? Ano ang aking kinamumuhian? Anong tanawin ang nagbibigay sa akin ng ligaya, alin ang kapuri-puri sa akin? Nakikita ko ang mga hari, sinabing pupunta sila sa langit, umuungol ngayon sa pinakamababang dilim kasama ang dakilang si Jove, kasama rin ang mga pumuri sa kanila; mga gobernador na sumupil sa mga Kristiyano, ngayo'y sinusunog sa mga apoy na mas mabangis kaysa gamit nila noon sa mga tagasunod ni Kristo. Naroon din ang mga pilosopo, na nagtutrong walang pakialam ang Diyos sa lupa, na walang kaluluwa, ngayo'y kahiya-kahiya sila. Ang mga makata rin, nanginginig, huhusgahan hindi ni Rhadamantus o ni Minos kundi ng hindi naaasahang si Kristo! Maririnig ko ang mga mandudula, mas maingay sa kanilang trahedya, makikita ko ang mga artista sa nanlulusaw na apoy, pero mas pagtutuunan ko ng pansin iyong mga galit noon sa Panginoon. "Ito," sasabihin ko, "ito ang anak ng karpintero, ng utusan," (ang sumusunod, lalo na itong termino para sa nanay ni Hesus, na matatagpuan sa Talmud, ay nagpapakitang dito'y tinutukoy ni Tertullian ang mga Hudyo), "ang sumuway sa batas ng Sabbath, ang Samaritano, ang sinapian ng demonyo, ang binili ninyo mula kay Hudan! Ito ang sinuntok ninyo at dinuraan! Ang binigyan ninyo ng sukà para inumin! Ito ang sinabi ninyong ninakaw ang bangkay ng mga tagasunod para sabihing bumangon siya mula sa kamatayan!" Sinong pari ang makapagbibigay sa iyo ng ganitong uri ng kaluwalhatian ng mga tenga, hindi pa bumubukang-liwayway sa puso ng tao?" (1 Kor. 2,9.) "Kung anuman sila, mas dakila sila sa sirkus at teatro." Sa pamamagitan ng pananampalataya: ito ang nakasulat.

15

Maglagom tayo. Higit isang libong taon nang nagtutunggali ang dalawang magkasalungat na halagahang "mabuti at pangit," "mabuti at buktot" sa mundo; at bagaman ang huli'y matagal nang nangingibabaw, mayroon pa ring mga lugar kung saan wala pang desisyon sa laban. Maaari ngang sabihing tumaas nang tumaas na ito, at ngayo'y walang mas natatanging marka ng "mas mataas na kalikasan," mas espiritwal na kalikasan, bukod sa pagiging hati sa dalawang halagahan, isang tunay na larangan ng digmaan.

Ang simbolo ng tunggaliang ito, nakasulat sa mga titik na nababasa sa kabuuan ang kasaysayan ng sangkatauha'y "Roma laban sa Judea, Judea laban sa Roma": mula noon hanggang ngayo'y wala pang pangyayaring mas dakila pa sa tunggaliang ito, sa tanong na ito, sa mapanganib na salungatang ito. Bagay na kontra-kalikasan ang pakiramdam ng Roma sa Hudyo, ang kasalungat nitong halimaw: sa Roma nakatayo ang Hudyong "maysala sa pagkamuhi sa buong sangkatauhan"; at tama ito, kung may karapatang iugnay ang ginhawa at kinabukasan ng tao sa pagdodomina ng mga halagahang aristokrata, halagahang Romano.

Ano, sa kabilang banda, ang pakiramdam ng mga Hudyo sa Roma? Isang libong senyales ang nakikipag-usap sa atin; pero sapat nang alalahanin ang Rebelasyon ni Juan, ang pinakawalang puso sa lahat ng pampanitikang atungal na mayroon ang paghihiganti. (Hindi dapat maliitin ang malalim na *consistency* ng kaloobang Kristiyano nang gawin nitong awtor ng libro ng pagkamuhi ang disipulo ng pag-ibig, ang parehong disipulo na awtor ng pinakamapagmahal na Mabuting Balita: may katotohanan dito, gaano man ang kinailangang pampanitikang pamemeke ang ginamit para malikha ito.) Dahil ang mga Romano'y malakas at dakila, at wala pang mas malakas at mas dakila sa kanila na nakita sa mundo, o napanaginipan man lang: bawat latak nila, bawat naisulat ay nagbibigay-tuwa, basta ba mahulaan kung *ano* ang naroong gumagana. Ang mga Hudyo, sa kanilang banda, ang bayan ng mga pari ng sama ng loob *par excellence*, na may henyong popular-moral: kailangan lamang ikompara ang kasing-husay na bayan—ang mga Tsino at Aleman, halimbawa—sa mga Hudyo, para maramdaman kung alin ang una at panlima ang ranggo.

Alin sa kanila ang nanalo sa kasalukuyan, Roma o Judea? Pero walang duda, isipin na lamang kung kanino yumuyuko ngayon sa Roma, na para bang ito ang ehemplo ng pinakamataas na halagahan—at hindi lamang sa Roma kundi halos sa kalahati ng mundo, lahat kung saan ang tao'y naging maamo o ninanasang maging maamo: tatlong lalaking Hudyo at isang babaeng Hudyo (si Hesus Nazareno, ang mangingisdang si Pedro, ang manghahabing si Pablo, at ang ina ni Hesus, si Maria). Ito'y kapansin-pansin: walang dudang nagapi ang Roma.

Naroon, sigurado, sa Renaissance ang kakaiba at kumikisap na muling pagbangon ng klasikong ideal, ng dakilang uri ng pagpapahalaga sa mga bagay; ang Roma mismo, inaapi ng bagong ipinataw na maka-Judeang Romang ekumenikong sinagoga na tinawag na "simbahan," ay kumisot-kisot na parang nagising mula sa inakalang kamatayan: pero agad-agad nagtagumpay ang Judea, salamat muli sa mababang (Aleman at Ingles) kilusan ng sama ng loob na tinawag

na Repormasyon, at sa nakatali rito't kasabay nitong babangon, ang pagbabalik ng simbahan—ang pagbabalik din ng pinaglibingan ng klasikong Roma.

Sa Rebolusyong Pranses muli nagwagi ang Judea laban sa klasikal na ideal, at dito'y sa mas malalim at tiyak na paraan: ang huling politikal na *noblesse* sa Europa, iyong sa Pranses ng ikapito at ikawalong siglo, ay bumigay sa ilalim ng popular na kalooban ng sama ng loob—wala pang nakikita sa mundo na mas higit na pagdiriwang, mas maingay na sigasig! Syempre pa, sa gitna nito'y naganap ang pinakapambihira, pinaka di-inaasahang pangyayari: ang ideal ng *antiquity* mismo'y nagsakatawan at lumakad paharap, kita ng mga mata at konsensiya ng sangkatauhan sa kaniyang hindi pa nasisilayang ningning, kabaligtaran ng hindi makatotohanang islogan ng sama ng loob, "kataas-taasang kapangyarihan ng mayorya," kabaligtaran ng kalooban ng pagpapababa, ng paghahamak, ng pagpapantay at pagbulusok at dapit-hapon ng sangkatauhan, doo'y narinig nang mas malakas, mas simple, at mas nagigiit ang terrible at maligayang kontra-slogan, "kataas-taasang kapangyarihan ng iilan"! Parang huling poste para sa *ibang* landas, lumabas si Napoleon, ang pinakahiwalay at huli ang pagkakapanganak na tao sa balat ng lupa, at sa kanya ang problema ng dakilang ideal mismo'y naging laman—maaari ngang pag-isipan kung anong uri ng problema ito: Napoleon, itong pinagsamang hindi tao at lampas tao.

16

Iyon na ba ang katapusan? Ang pinakadakila ba sa lahat ng tunggalia'y nalagay sa basurahan para sa lahat ng panahon? O nag-aantabay lamang, nag-aantabay.

Hindi ba't isang araw liliyab muli ang sinaunang apoy, pero mas terrible, pagkatapos ng matagal na paghahanda? Higit pa nito: hindi ba't dapat itong nasain ng buong loob? Ibigin ito? Ibida?

Kung sinuman ang magsisimula sa puntong ito, tulad ng aking mga mambabasa, na magmuni-muni at habulin ang kanyang mga idea'y hindi matatapos kaagad—dahil nang sapat para ako'y magwakas, ipinapalagay na klaro na noon pa man kung ano ang aking layon, kung ano ang layon ng mapanganib na islogan na nakasulat sa ulo ng huli kong librong *Lampas sa Mabuti at Buktot*. Hindi nito ibig sabihing "Lampas sa Mabuti at Pangit."

Tala: Gagamitin ko ang oportunidad na ibinibigay ng tratadong ito para pormal na ipahayag sa publiko ang pagnanasang binigyang-tinig ko lamang sa paminsan-minsang pakikisalamuha sa mga iskolar; iyon na nga, na may institusyon ng pilosopiya ang maaaring magtulak sa historikal na pag-aaral ng

moralidad sa pamamagitan ng mga timpalak sa sanaysay—baka maaaring magbigay ang librong ito ng pagpasigla para sa direksiyong ito. Kung sakaling ipatupad ito, suhestiyon ko ang susunod na tanong: karapat-dapat itong bigyang-pansin ng mga pilolohista at historyador, pati na ng mga propesyonal na pilosopo: "Anong liwanag ang ibinibigay ng linggwistiks, lalo na ng pag-aaral ng etimolohiya, sa kasaysayan ng pag-unlad ng mga konseptong moral?"

Sa ibang banda, kailangan ding himukin ang interes ng mga pisyolohista at doktor sa mga problemang ito (sa halaga ng mga kasalukuyang halagahan); matitira na lang sa mga akademikong pilosopo para maging tagapagtaguyod at tagapamagitan sa bagay na ito, pagkatapos nilang magtagumpay nang buo noon sa pagbabago ng walang pagtiwalang relasyon ng pilosopiya, pisyolohiya, at medisina tungo sa mapayapa at mabungang pagpapalitan. Tiyak, lahat ng halagahan, lahat ng "ito ang iyong gagawin" na kilala sa kasaysayan o etnolohiya, ay nangangailangan muna ng pisyolohikal na imbestigasyon at interpretasyon, imbes na sikolohikal; at bawat isa sa kanila'y kailangan ng kritika ng medisina. Ang tanong na: ano ang *halaga* ng ganito at ganiyang halagahan at "moralidad"? ay dapat tingnan mula sa pinakamaraming perspektiba; dahil ang problemang "halagahan para sa ano?" ay hindi maaaring suriin sa magaspang na paraan. Ang isang bagay, halimbawa, na may halatang halaga kaugnay ng pinakamahabang posibilidad ng pananatiling buhay ng isang lahi (o sa pagpapalakas ng kapangyarihan ng pakikibagay nito sa espisipikong klima o sa pagpapanatili ng pinakamalaking bilang) ay hindi magkakaroon ng kaparehong halaga sa, halimbawa, paglikha ng mas malakas na uri. Ang kabutihan ng mayorya at ang kabutihan ng iilan at magkasalungat na pananaw ng halagahan: ang ituring ang una bilang bago pa maranasan, na may mas malaking halaga'y dapat iwan na lang sa mga inosenteng biyolohistang Ingles. Lahat ng agham mula ngayoy kailangang ihanda ang daan para sa tungkulin sa kinabukasan ng mga pilosopo: ang tungkuling ito'y ang solusyon sa problema ng halaga, ang pagtatakda ng ranggo sa mga halagahan.

Upang mas lalong maintindihan ang salin na "'Mabuti at Pangit," "Mabuti at Buktot," naghanda ang tagasalin ng maikling tala tungkol sa pilosopiya ni Nietzsche sa pangkalahatan, at tungkol sa isinaling teksto mismo. Tesis ng tala na ang mismong pagsusulat, at ang mismong pagsasalin, ay tereyn ng tunggalian ng mga nagbabanggaang halagahan.

Pilosopiya ni Nietzsche

Si Friedrich Nietzsche ay ipinanganak sa Rocken noong 15 Oktubre 1844. Nabaliw siya noong 3 o 4 Enero 1889 sa Turin (sa Italya) at namatay noong 1900

nang hindi man lang namamalayan na naabot niya ang bagong siglo. (Hinalaw ang mga biyograpikal na impormasyon mula kay sa Hollingdale 2001.) Una niyang libro ang *The Birth of Tragedy (Die Geburt der Tragodie aus dem Geiste der Musik)*. Ang huli niyang librong nalathala nang nasa katinuan pa siya ay ang *Twilight of the Idols (Gotzendammerung)*. May mga libro siyang natapos na pero nalathala na lang noong baliw na siya, at ang kaniyang mga borador, tala, at balangkas ay nalathala rin. Ang kaniyang kompletong mga akda (inedit ni Giorgio Colli at Mazzino Montinari) ay umaabot sa 20 tomo. Mayroon ding Studienausgabe (edisyong pang-estudyante), paperback, at wala ang mga gawa niya sa Griyego at Latin bilang pilolohista.

Mahalagang manunulat si Nietzsche, at naimpluwensiyahan niya ang mga manunulat tulad ni Albert Camus, pati na rin ang mga pilosopong tulad nila Martin Heidegger, Jean Paul Sartre, Michel Foucault, Jacques Derrida, at Gilles Deleuze. Ayon kay Ramon Guillermo, may malikhaing engkwentro din sa pagitan ni Nietzsche at ni Faustino Aguilar sa nobela nitong huli na *Nangalunod sa Katihan*, kung saan nagkaroon ng pag-aangkin (imbis na pagsasalin) sa ilang aporisim ni Nietzsche (tingnan ang Guillermo 2019).

Ang interpretasyon ni Deleuze ay mahalaga sa pag-intindi ng sanaysay ni Nietzsche. Sa kaniyang paunang salita sa salin sa Ingles ng kaniyang *Nietzsche and Philosophy*, inilagtag ni Deleuze (1983) ang kaniyang tesis: anong uri ng buhay ang ginagawang posible, ang sinusuportahan, ang pinapalago, ang ibinibida ng ganito at ganireng halagahan? Magiging pertinente ang ganitong balangkas sa diskusyon ng isinaling akda.

Ang sanaysay na isinalin ay mula sa *Toward the Genealogy of Morals (Zur Genealogie der Moral)*. Argumento ng mga editor ng *Cambridge Companion to Nietzsche* na ang "Zur" sa pamagat ay pagpapaikli ng "Zum" at "Der," kaya imbis na "Hinggil" o "On," ang tamang salin ay "Tungo sa" ("Toward") (Magnus at Higgins 1996). Mahalagang ipagtanggol itong tila ba napakaliit na isyu ng "Hinggil" at "Tungo sa," dahil parehong si Nietzsche at ang tagasalin ay kumbaga "pinapalaki" ang ganito at ganireng paggamit sa ganito at ganireng salita. Sa paggamit ng "Hinggil sa" o "Tungkol sa," tila ba pinapalagay na mayroon nang kung anumang pinapatungkulan. Kaya, halimbawa, kung may sanaysay tayong "Tungkol sa Ikaapat na Kasarian," ipinapalagay na mayroon na ngang ikaapat na kasarian (at una, ikalawa, at ikatlo!). Pero, kung papalitan ang pamagat bilang "Tungo sa Ikaapat na Kasarian," nagbabago ang proyekto. Nililikha pa lamang ang ikaapat na kasarian na ito. Mas naipaparating ang pagiging tentatibo ng mga kongklusyon, ang pagiging espekulatibo ng proyekto. Ito ang punto nina Magnus at Higgins tungkol sa pagiging "Tungo sa" ng libro ni Nietzsche. Kung anumang

itong "Henealohiya" nitong di-umano'y "Moralidad," patungo pa lamang si Nietzsche sa pamimilosopiya tungkol dito. Hindi pa ito nairepikang konsepto. Bukas na usapin pa lamang ito. May espasyo pa rito para sa "paglalaro." Ibang-iba sa imahen ni Nietzsche na ipinepresenta ng ilang Filipinong pilosopo.

Taong 1887 itong *Henealohiya*, at isa ito sa mga "mature" na gawa ni Nietzsche, ibig sabihin ay kasama ito sa kaniyang "sistema," o iyong buo nang pagtingin niya sa mundo. Ayon sa iskolar na si Thomas Brobjer, sa kaniyang *Nietzsche's Philosophical Context: An Intellectual Biography*, pangunahing kadiyalogo ni Nietzsche ang dati nitong kaibigan na si Paul Ree, sa partikular ang librong nitong *Ang Pinagmulan ng Konsensiya* (Brobjer 2008, 42). Nagawa niya ito sa pamamagitan ng pagsaliksik sa personal na aklatan ni Nietzsche, sa pagbabasa ng kaniyang mga notbuk, sa anyong pisikal o microfilm, pati na rin ang mga "book bill" at iba pang nasa arkibo ni Nietzsche sa Weimar, Alemanya.

Bago talakayin ang sanaysay na "'Gut und Schlecht,' 'Gut und Bose,'" nais ko munang talakayin ang ilang konsepto ni Nietzsche na sa tingin ko'y may saysay talakayin kasama ng sanaysay na iyon. Pangunahin dito ang ang kaniyang pahayag na "Patay ang Diyos" (Gott is tot). Marami itong ibig sabihin, at hindi lamang simpleng deklarasyon ng ateismo. Hindi lang ito "Walang Diyos."

Napakahalaga ng paniniwala sa Diyos sa pag-estruktura ng halagahan at sibilisasyon ng Europa. Ayon kay Nietzsche, hindi basta-basta puwedeng hindi na lang maniwala sa Diyos. Kadalasan nga'y may kapalit ang Diyos sa isip ng tao: agham, katarungan, kalayaan. Ang siste, ang mga diyos-diyosang ito'y hindi na rin kapani-paniwala. Nang pinatay ng mga tao ang Diyos, pinatay na rin nila ang mga puwedeng pamalit sa Diyos. Wala nang pundasyon, kung gayon, ang tao mismo, ang moralidad, ang sibilisasyon, ang sangkatauhan. Dalawa sa maaaaring maging reaksiyon dito'y: (1) matakot, hingging bumalik ang paniniwala sa Diyos, magkunwaring okey lang ang lahat, (2) maging masaya, dahil ang paglutang na ito'y oportunidad para sa eksperimentasyon at paglalakbay sa pag-iisip at pilosopiya. Ibang uri ng tao ang pipili sa unang opsyon, iba sa pangalawa.

Kaugnay nito ang isa pang susing konsepto ni Nietzsche na nais kong bigyang-pansin, ang walang hanggang pagbabalik o pag-uulit-ulit. Ano ang magiging aktitud ng isang tao kung malaman niyang ang buhay niya ay paulit-ulit na babalik, noon pa man nangyayari na ito, at hanggang sa dulo ng walang hanggan ito ang mangyayari? Malakas para kay Nietzsche ang magsasabing "Sige ba!" dahil ibig sabihin, kaya ng taong iyon na "Oo" ang sagot sa kaniyang buhay. Hindi siya nagpapantasya sa mas mabuting buhay, o nais tumakas papuntang langit. Mahina naman ang tatanggi sa walang hanggang pagbabalik o pag-uulit-

ulit. Ang gusto ng ganitong tao'y maging iba, puro siya paghindi sa kung ano ang mayroon. Nakikita na rito ang halaga ng pagtingin ni Deleuze sa mga halagahan, ang ginagawang posible ng kaniyang interpretasyon kay Nietzsche.

Kaugnay naman nito ang konsepto ng "moralidad ng alipin" at "moralidad ng amo" na tinalakay ni Nietzsche sa *Beyond Good and Evil (Jenseits von Gut und Bose)* at sa sanaysay na aking isinalin. Para kay Nietzsche, hindi iisa ang tinutukoy na "mabuti" ng mga alipin at amo. Magkaibang-magkaiba nga ang itinuturing na mabuti, depende sa uri ng tao na nagpapahalaga.

Gumamit si Nietzsche ng lingguwistikong paglalarawan sa "'Gut' und 'Schlecht,' 'Gut' und 'Böse'". Nagsimula siya sa wikang Aleman, kung saan ang "masama" ay kahawig ng "karaniwan" at "mababa," samantalang ang "mabuti" ay mas kaugnayan sa "dakila." Nakikita rin ito ni Nietzsche sa mga wikang Latin at Griyego. Sa isang pribadong komunikasyon, ipinaliwanag ni Ramon Guillermo na ang "schlecht" ay mas nababagay na isalin bilang "pangit." Hindi moralistiko o etikal sa pangkaraniwang pagpapakahulugan ang "schlecht" sa pang-among moralidad. Mas mainam itong tingnan bilang "mababang kalidad," o "mababang uri." Ang salitang Filipino "pangit" ay mas akma kung gayon. "Pangit ang pagkakagawa," halimbawa, o di kaya'y "pangit na bag" ang tingin ng mga amo sa mga hindi amo. Ang paghuhusgang ito'y malayo sa balangkas ng Kristiyanismo. Gayundin, lumalabas dito ang pagiging "decentered" ng "subject" (kung maaaring gumamit ng post-estrukturalistang terminolohiya) sa pagtingin ni Nietzsche. Hindi "kalasanan" o "sadya" ng mga alipin na sila ay pangit. Pangit lang talaga sila. Tinatasa sila siyempre ng mga amo bilang mababa, kaaawa-awa, o di kaya'y hindi dapat tularan, o hindi dapat lapitan. "Ganoon talaga" sila. Sa isang banda, maaaring sabihing tinatanggal ng ahensiya ng ganitong pananaw ang mga di-umano'y "pangit." Sa isang banda, mula sa politikal na pagbasa, kontra ito sa "paninisi" ng mga gitnang-uri at mas mataas na uri sa mga tinataguriang "lumpen." Sa ganitong balangkas, hindi maririnig ang "Magsumikap ka!" o di kaya'y "Pinili n'yong maging mahirap e."

Mula sa pagsipat niya sa wika ng mga amo't alipin, nagkuwento si Nietzsche ng pinagmulan ng dalawang uri ng halagahan. Ang moralidad ng alipin ay nagsisimula sa reaksiyon. Ang isang mahinang tao'y bibigyang-kahulugan ang nanakit sa kaniya bilang "buktot," at saka lamang niya bibigyang-kahulugan ang "mabuti" bilang kabaligtaran ng "buktot," at ang mabuting ito ay siya na mahina, siya na alipin. Samantala, ang moralidad ng amo ay nagsisimula sa pagbibigay-kahulugan sa "mabuti," at ito ay kung ano ang amo. Hindi kailangan ng amo ang alipin para purihin ang sarili, kilalanin ang angking lakas. *Second thought* lamang ang kahulugan ng "masama." Hindi lamang simpleng paglalaro ng salita ito para

kay Nietzsche (bagaman may elemento noon ang kaniyang pilosopiya). Ang alipin ng moralidad para sa kaniya ay lason, at mas nakakapangilabot ito dahil ito ang dominante sa Europa. Pinapaliit ng alipin ng moralidad ang mga tao, at tinatanggalan sila ng oportunidad para galugarin ang kanilang mga posibilidad. Siyempre, ang politika at ideolohiya ni Nietzsche ay hindi matatanggal sa kontekstong panlipunan niya, at mayroon ding mga di-kaaya-ayang elemento sa kaniyang sistema. Pero makikita agad ang silbi ng kanyang analisis sa Pilipinas kung, halimbawa, pagtutuonan ng pansin ang mapanganib na dominasyon ng relihiyon, hindi lang ng Katolisismo, sa ating bansa. Ang pangako ng langit, ang imahen ng Diyos bilang dambuhalang ama na panay ang bawal, ang pagtingin sa sarap bilang kasalanan, lahat ng ito'y lason at sanhi sa panghihina ng pag-iisip ng mga Filipino.

Natalakay din naman ng mga Filipinong pilosopo si Nietzsche. Mayroon nga lamang kaunting kakulangan. Halimbawa ang karakterisasyong ito sa nais salungatin ng aking proyektong salin: "Ayon kay Nietzsche, ang pamantayan ng moralidad ay ang kapangyarihan o ang pagnanasang manupil o dumomina. Ang huwarang tao ay ang manunupil, ang taong makapangyarihan at mapanlamang. Alinsunod dito, ang pinakadakilang birtud o katangian ay: paninira ng kapuwa kalupitan, kawalang-awa, katapangan, at pagsupil sa mahihina" (Quito el at 1993, 126). Ito naman ang galing sa *Sariling Wika at Pilosopiyang Filipino*: "Sa pakiwari ng mga maytista (*might-ist*, aking imbento), kagaya nina Thrasymachus, Nietzsche at Machiavelli, tanging ang kapangyarihan lamang ang makapagdudulot ng kasiyahan at kabuluhan ng buhay" (Timbreza 2008, 287).

SANGGUNIAN

- Brobjer, Thomas. *Nietzsche's Philosophical Context: An Intellectual Biography*. Chicago: University of Illinois Press, 2008.
- Deleuze, Gilles (1983). *Nietzsche and Philosophy*. New York: Continuum.
- Guillermo, Ramon. "Ang Pagdating ni Zarathustra sa Pilipinas." Hindi na nalalathalang papel, 2019.
- Holingdale, RJ. *Nietzsche: The Man and His Philosophy*. Cambridge: Cambridge University Press, 2001.
- Magnus, Bernd at Kathleen Higgins (Mga ed.). *The Cambridge Companion to Nietzsche*, Cambridge: Cambridge University Press, 1996.
- Timbreza, Florentino. *Sariling Wika at Pilosopiyang Filipino*. Quezon City: C & E Publishing, 2008.

Si **U Z. Eliserio** ay nagtuturo sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas. Bisitahin siya sa [ueliserio dot com slash books.Philippine literature in English](mailto:ueliserio@philippine-literature.com).